# PARALAWOD AT IBA PANG DAGLI

Ronnie M. Cerico

# APDO

“Pay Ambo, baka may mabingwit kang butete. Puwedeng akin na lang?” pakiusap ni Benny sa kapitbahay at pang-umagang paralawod[1] na noo’y papalaot, isang umaga ng Biyernes. Tinulungan niya ito na buhatin patungong babasagang-alon ang gamit nitong sibid-sibid[2].

“Butete? E, di naman ‘yan kinakain, a?”

“Basta, Pay.”

Nangingiti na lamang si Pay Ambo habang nagsimulang managwan. Napapailing.

Matagal nang bulung-bulungan sa kanilang isla na mabagsik na lason ang butete– lalo na ang apdo nito. Ilang manginginom na raw ang bumulagta sa inuman at ang ilan ay di na umabot sa ospital. Palihim na ipinapahid ang pinatuyong apdo sa baso ng pagdidiskitahang mananagay.

Tila dinagsa lang ng mga alon ang ideyang kailangan niya ng apdo. Na subukang gumawa ng lason at mapatunayan kung talagang epektibo.

Ilang mga ganador niyang manok-panabong na kasi ang nalalagas sa kanilang likod-bahay. Hindi naman nadali sa mga sultada. Natodas lamang sa kamay ng sinomang nangahas pumasok sa kanilang bakuran. Na tinitiyempo habang naghihilik ang kaniyang mag-ina sa kalaliman ng gabi, habang siya naman ay nasa laot. Walang makapagturo sa may kagagawan. Ni walang bakas na naiiwan.

Araw-araw niyang inaabangan ang pagpalaot ni Pay Ambo. Kapag nasilip niyang papadaong na ito, patakbo niyang tinutungo ang babasagang-alon upang silipin ang sibid-sibid nito kung may lamang butete.

Hanggang isang araw, nakatsambang nakabingwit si Pay Ambo ng matabang butete. Ito lang ang tanging nahuli. Ilang araw na ring inutil ang dagat sa kaniya.

Kahit di ibinebenta, inabutan niya ng sandaan si Pay Ambo. Abot-tenga ang ngiti nito habang ibinibigay ang isda kay Benny.

"'Wag mo akong sisisihin 'pag may natodas sa inyo, Benny!"

"Oo, Pay. Dios mabalos!"

Pagdating sa bahay, mabilis niyang hiniwa ang butete. Kinuha niya ang apdo at agarang pinatuyo sa prowa ng isang nakagaraheng bangkang de-motor.

Ilang araw na ring kinokondisyon ni Benny ang nag-iisa't natira niyang manok-panabong. Hinihimas-himas. Pinapausukan.

Bago rin pumalaot para sa panggabing pamamalakaya, agad niyang ipinapasok ang manok sa kanilang kusina. Mahirap nang todasin pa ng magnanakaw. At isa pa, may sultada na naman sa isla sa darating na Linggo.

Dumating ang araw ng sagupaan ng mga manok. Malaki ang pusta ni Benny. Gaya nang kaniyang inaasahan, tinadtad ng tama ang kalabang manok. Wakwak. Ngunit, tinamaan din sa may kaliwang hita ang manok ni Benny. Malalim ang sugat.

Ipinamigay niya na lang ang kaniyang sambot[3]. Ayaw niyang kumain nito dahil sa kung ano-anong gamot na itinurok dito.

Pagkauwi, ipinakuha niya sa asawa ang lalagyan ng kaniyang gamit-panahi sa sugat ng manok. Sumunod naman ito ngunit padaskol nitong ibinaba ang lalagyan sa tabi ni Benny. Noon pa ma'y tutol na kasi ito sa pagkahilig ng asawa sa mga manok-panabong. Lubha raw magastos. Gusto pa nga nitong mawala na ang lahat na manok.

Kinuha niya ang gamit-panahi maging ang kaniyang pinatuyong apdo ng butete. Kumuha ng konti at ibinalot sa ginupit na plastik. Tinalian niya ng sinulid ngunit di gaanong mahigpit. Ipinalaman niya ito sa sariwang sugat ng manok kasama ang iba pang gamot sa sugat nito. Pasipol-sipol niyang tinahi. Pagkatapos, maingat niya itong ibinalik sa kulungan nito sa kanilang likod-bahay.

Kinagabihan, muling pumalaot ang grupo ni Benny. Halos madaling araw na silang nakadaong sa dalampasigan ng kanilang isla. Nag-uumapaw sa isda ang kanilang bangkang de-motor.

Pagdating sa bahay, agad niyang sinilip ang kulungan ng kaniyang ganador na manok. Inilawan ng *flashlight*. Tahimik ang kulungan. Agad siyang napangiti at pasipol-sipol na pumasok sa pinto nila sa kusina.

Walang ano-ano'y biglang nabulabog ang katahimikan ng buong sitio. Nagsusumigaw sa paghingi ng saklolo ang pamilya ni Pay Ambo kahit hinang-hina na. Sigaw rin nang sigaw si Benny na muling napalabas ng kanilang bahay habang inaalalayan ang kaniyang mag-ina. Ngumingiwi sa sakit ng kani-kanilang mga tiyan. Naglalaway. Namamanhid ang mga bibig. Walang patid ang kanilang pagsusuka. At ang suspetsa ng lahat—nalason.

[1] paralawod – mangingisda
[2] sibid-sibid – bangkang de-sagwan
[3] sambot – katawan ng tinalong manok sa sabong na napupunta sa nanalong kalaban

# HABOL

"Kelangan na siyang ilipat sa *private*, 'Nay. Okupado ang ICU at lahat ng *intubator* para sa mga COVID *patients*," bungad ng doktor kay Nanay Perla isang umaga ng Sabado.

Halos habulin ang hininga ni Nanay Perla sa tinuran ng doktor. Kagabi lang, halos paliparin ang traysikel na naghatid sa kanilang mag-ina sa *district hospital* sa banwa. Isinugod nila ang kaniyang nag-iisang anak na si Matang. Umaalon-alon ang dibdib nito sa paghahabol ng hininga. Simula pagkabata'y madalas na kasi itong sumpungin ng hika.

Halos taon na ring hindi nila ito mapatingnan sa doktor. Kumapit lang sa tradisyonal na gamutan dahil sa banta ng pandemya.  At kagabi, kung hindi dahil sa ambagan at malasakit ng mga kapitbahay at opisyal ng kanilang isla, marahil, wala nang hiningang hahabulin pa si Matang.

Hindi na ito ordinaryong hika. Sa hinuha niya'y mas lumala pa dahil sa kagagawan ng asawa niyang laging may hitit-bugang usok ang bunganga. Hirap sawayin, madalas pang mamilosopo.

Ni hindi matingnan ni Nanay Perla ang nakaratay na anak. Kahit may pantulong na aparato para makahinga, naghahabol pa rin ito ng hininga.

Hindi sapat ang kinikita ng kaniyang asawa bilang paralawod lalo na ngayong naghuhuramentado ang dagat. Isa pa, malapit na ring gumising ang buwan. Tiyak na matatagalan bago ulit malansahan ang mga lambat.

Dahil sa tinuran ng doktor, gusto sanang alisin ni Nanay Perla ang suot niyang *facemask* upang makahinga nang maluwag. Ngunit mahigpit na ipinagbabawal sa loob ng ospital ang pagtatanggal nito. Iniisip niya rin kung saang lupalop ng dagat kaya makakalambat ng halagang pambayad sa ospital ang kaniyang asawa.

Pinagmasdan niya ang nahihirapang anak na matamang nakikinig pala sa kanila. Nakatitig sa kaniya at tila ba may gustong sabihin. Tila siya mabubuwal dahil sa kalagayan ng anak. Pinangangatog ang kaniyang mga tuhod nang biglaang gastos na di nila inaasahan.

Nakahanda na ang ambulansyang magdadala sa kanila sa pribadong ospital. Titig na titig kay Nanay Perla ang kaniyang anak. Tila nagsusumamo.

“’Nak, konting tiis na lang, a? Gagaling ka na,” pilit na ngumingiting sabi ni Nanay Perla sa anak.

Umiling-iling si Matang. Pinuno nito ng hangin ang kaniyang mga nanghihinang baga. Pansamantalang tumigil ang pagtaas-baba ng kaniyang dibdib. Bago pa man niya pakawalan ang naipong hangin, una nang napahawak sa naninikip niyang dibdib si Nanay Perla. At ang pagkataranta ng lahat na nakasaksi kung sino ang uunahin sa kanilang dalawa.

# EKSTRA

“Bek, patingin ka na! Gora na! Samahan ka namin,” nag-aalalang sabi ng mga kaibigan ni Gandara. Araw-araw nila itong bungad sa kaniya.

Sarado ang isip ni Gandara. Mailap kasi ang biyayang ginhawa bilang isang parlorista. Dekada na rin ang kanyang *beauty salon* sa isla, pero hindi niya ito magawang palaguin.

Dayo lang naman siya sa isla. Sumampa siya sa barko kasama ang kaniyang nobyong iniwan din siya sa huli. Nangapitbahay. Naghanap nang totoong hiwang magbibigay sa kaniya ng anak.

Napamahal na rin sa kaniya ang isla. Kahit nagpapaalala lang ito sa dinanas niyang sakripisyo’t kabiguan, sa huli’y dito na rin nanirahan at naghanapbuhay.

Kahit labas-pasok din naman ang kanyang mga kostumer, magaan pa rin ang laman ng kaniyang kaha. Magkaganun pa man, positibo ang kanyang pananaw na bibigat din ito balang araw.

Kaya nga lang, sa mga panahong dilat ang buwan o kaya’y naghuhuramentado ang dagat, na hindi makapangisda sa isla, iilan lang ang nalalambat niyang kostumer. Matamlay ang buong isla. Matamlay ang kita ng salon.

Gayundin sa ganitong panahon, siya naman ang paglabas-pasok ng mga binata’t may asawa niyang mga kaibigang paralawod sa kaniyang salon. Magaan ang loob niya sa mga ito. Sa tuwing tulog ang buwan at hindi nagdadamot ang dagat, hindi rin kasi sila nagdadamot kay Gandara. Maraming *lab-as* na tulingang libreng napapasakamay niya sa pagdaong ng mga bangkang de-motor. Makailang beses na rin siyang sumampa sa mga bangkang de-motor ng mga kaibigan bilang ekstra—tagalimas.

Sa ganitong panahon na inutil ang dagat, labas-pasok din ang kaniyang kamay sa kaniyang kaha. Panahon ito upang bumawi sa mga kaibigan. Hindi niya matanggihan ang gabi-gabing paglabas-pasok– ng mga ito sa kaniyang salon. Nagpapakalunod sila sa saya at sarap, habang pinagsasaluhan nila ang pulutang kinilaw at serbesa.

Ngunit ilang linggo lang ang napilas, bigla siyang tinamaan ng panghihina. Mas lalong gumaan ang kaniyang kaha. Bumagsak ang dating masiglang pangangatawan. Unti-unting nabawasan ang paglabas-pasok ng mga kaibigang paralawod sa kaniyang salon. Hindi ito nakaligtas sa mata ng mga kaibigang bakla. Araw-araw siyang kinukulit ng mga ito.

"Bek, nangangayayat ka na. Gora na!" suhestiyon ng kaibigang si Miring.

"Oy mga bakla, sariwa pa akits!"

"Gaga! Umayos ka nga, Bek. Samahan ka na namin," dagdag ni Moira.

Bantulot pa rin si Gandara. Nangangamba sa laman ng kaniyang kaha. Sa pamimilit ng mga kaibigan, tumalima na rin ito. Kinabukasan, maaga siyang nagpatingin sa doktor. Sumama rin ang mga kaibigan.

Kaliwa't kanan ang ginawang pagsusuri lalo na sa kanyang dugo. Halos lumutang ang kaniyang mundo sa napakaraming pildoras na kailangan lunukin. Matindi ang paalala ng doktor para sa gagawing gamutan. Kailangan ang ibayong pag-iingat at proteksyon.

Nagsasalimbayan ang mga alalahanin ni Gandara. Mula sa gamutan, pagpapatakbo ng salon at ang mga kaibigang paralawod na labas-pasok sa kaniyang salon.

Kung noon pa sana niya sinunod ang mga kaibigan, malamang hindi niya ito sasapitin. Kahit paano'y nahahawa na rin siya nang pagiging positibo ng kaniyang doktor at mga kaibigan.

Sa pagluwa sa kanila ng pintuan ng klinika, siya namang pagpasok ng ilang sa mga kaibigan niyang paralawod na labas-pasok sa kaniyang salon. Nagkatinginan silang lahat. Ngumiti sa bawat isa. Nag-aalala.

# DANGOP[1]

"Pay Apin, sa'n ba kasi ang dangop ni'yo?" Araw-araw itong tanong ng mga kapuwa paralawod sa grupo ni Pay Apin. Ilang magkakasunod na gabing sila'y huling dumadaong sa isla Mamoraway. Halos lumubog ang kanilang bangkang de-motor dahil sa bigat ng mga tulingang sumuot sa mga mata ng kanilang mahabang-mahabang lambat.

"*Buli ni iti nindo!* Walang dangop, mga Amigo! Buwenas lang kami."

Napapamura't natatawa na lamang sa pagsagot si Pay Apin sa paulit-ulit na tanong tungkol sa dangop. Napahahagalpak na rin lang nang tawa ang dalawang kagrupo niyang sina Tibo at Burnok na kapuwa binata pa.

"Suwapang niyo! Nagtatanong lang naman!"

Naiinis na rin ang lahat sa kakatanong sa kanila. Walang nalalambat na malinaw na sagot. Hindi na lang pinansin nina Pay Apin ang inis ng mga kapuwa paralawod. Hindi naman nila masisi ang reaksiyon ng mga ito. Kung ilang gabing sobra-sobra ang biyayang nagiging laman ng kanilang bangkang de-motor, kabaliktaran naman ang tinatamasa ng iba pang grupo ng mga paralawod. Umuuwi silang magaan ang kani-kanilang mga bangka. Mailap ang langsa.

Matagal-tagal pa bago magising ang buwan. Tiyak na matatagalan pa ang kanilang pagpalaot. Napapangiti si Pay Apin habang iniiisip ito. Nagdadagsaan ang kaniyang mga plano. Kung magtutuloy-tuloy ang masaganang huli, mapapagawa niya na ang inaasam na sariling pamalakaya. Hindi niya na kailangan pang bumuhay ng makina ng iba. Mapapasakamay niya na ang sariling bangkang de-motor—siya pa ang tatayong lider-makinista. Di na mahihirapan ang kaniyang maybahay sa pagkakasya ng perang iniintrega niya. At mapag-aaral niya na ang solong dalagang anak sa kolehiyo sa banwa.

Lingid sa kaalaman ng iba pang paralawod, iisang dangop lang sa laot ang iniitsahan nila gabi-gabi. Nagkasundo sina Pay Apin, Tibo at Burnok na lunurin sa kailaliman ng dagat kung nasaan ang dangop. Kailangang hindi lumutang ang kanilang sekreto. 'Pag nagkataon na lumitaw ito, tiyak na uunahan sila ng iba pang mga paralawod na makapuwesto.

Kinahapunan, naghahanda na ang grupo ni Pay Apin sa muling pagpalaot. Abala na rin sa paghahanda ang iba pang grupo ng mga paralawod. Patingin-tingin sa kanila.

Pinagtulungan nilang itulak ang kanilang bangkang de-motor patungong babasagang alon. Sumunod na rin ang iba pang grupo.

Sinalinan ni Pay Apin ng krudo ang makina. Binuhay agad pagkatapos. Maririnig ang hagunghong nito. Banayad ang andar nito sa payapang mga alon. Napansin nilang nakabuntot ang mga prowa ng iba pang mga bangkang de-motor sa kanilang ruta. Hanggang sa isagad ni Pay Apin ang makina. Isinagad na rin ng mga nakabuntot ang kani-kanilang mga makina.

Napapailing si Pay Apin kahit inasahan niya na ito.

"*Buli ni iti niya*! Makikihati pa siguro sila sa dangop?!"

Malulutong na tawa naman ang isinagot ng dalawang kasama.

Dalawang oras din ang itinagal ng pagharurot ng bangkang de-motor nina Pay Apin. Nang masipat ang puwesto, itinigil niya ang makina. Sa di kalayuan, tumigil na rin ang iba pang bangkang de-motor.

Nalalapit na ring kainin ng dagat ang araw. Di nagtagal, lumatag na rin ang dilim sa buong karagatan. Oras na para sa pag-itsa ng mahabang-mahabang lambat.

"Iitsa na ba tayo, Pay?" pangiti-ngiting tanong nina Tibo at Burnok.

"'Wag na muna, mamaya na."

Pinag-aralan muna ni Pay Ampa ang galaw ng mga alon. Pagkaraan ng mahaba-habang pagmamasid-masid, napansin nilang tapos na sa pag-iitsa ng kani-kanilang mga lambat ang iba pang mga paralawod na kaniya-kaniyang puwesto sa di kalayuan.

Bumunot ng malalim na buntong-hininga si Pay Apin. Napangiti ito. Muli niyang binuhay ang mainit-init pang makina. Humagunghong. Isinagad niya agad-agad at muling pinaharurot papalayo sa grupo ng iba pang mga paralawod—na umaasang makalalambat din ng mga biyayang ihahain ng dagat.

[1] dangop – binabalik-balikang puwesto sa laot na kung saan nakahuli ng maraming-maraming isda

**POETIKA**

Ang akdang Paralawod at iba pang dagli ay sumasalamin sa danas ng mga paralawod o mangingisda at maging ng mga taong nabubuhay sa mga biyaya ng dagat sa isla. Inspirasyon nito ang komunidad na nakaangkla ang kabuhayan sa pangingisda. At dahil hindi palaging namimigay ang dagat--may mga pagkakataong ito'y nagdadamot dahil sa pagbilog ng buwan o maging nang paghuhuramentado nito dahil sa kalimitang pagbisita ng mga bagyo taon-taon--na nagreresulta sa pagkalunod ng kanilang kabuhayan. Ang nasambit na problema ng mga paralawod ang magiging daan sa pagdagsa pa ng iba pang mas malalang problema na magiging mahalagang sangkap sa proseso ng pagkatha ng may-akda.

Inspirasyon ng mga dagli ang mga paralawod na isa sa mga mahihirap na sektor sa lipunan. Na kahit masama ang panahon, magpupumilit pa ring pumalaot para sa pamilya. Walang katiyakan kung makadadaong pa na ligtas at buhay. Bagamat maraming buhay na ang nilamon ng dagat, patuloy pa rin silang umaasang makakalambat ng maginhawang buhay. Hindi alintana ang peligro ng mga alpadora o naglalakihang alon sa laot. Pagpapakita ito ng kanilang sakripisyo sa pamamalakaya na minsan ay nag-uumapaw ang mga huling isda. Ngunit, mas madalas umuuwing walang huli mula sa laot. Pagpapakilala ito sa lunan ng dagat na nagbibigay buhay at pag-asa, gayundin ng lansa ng pagkabigo-- maging ng kamatayan.

Sa dagling 'Apdo', nabuo ito dahil sa usap-usapan ng mga matatanda sa isla. Inspirasyon ang pasalin-saling kuwento tungkol sa kamandag ng apdo ng isang uri ng nakalalasong butete. Kalimitang ginagamit na hilo o lason sa napagtripang kainoman na kinaiinggitan o kinasusuklaman na palihim na ipinapahid sa baso nito.

Ngunit, may pagkakataong hindi lamang ito ginagamit sa inuman. Inilalagay rin ito sa mismong katawan ng mga manok. Ginagawa ito kapag laganap ang nakawan nito. Sadyang susugatan ang manok at isisiksik sa loob ng sugat ang pinatuyong apdo ng butete na nakabalot sa maliit na plastik. Pagkatapos nito ay tatahiin. Ang sinumang magnakaw ng manok na may apdo ng butete sa katawan ay maaaring malason sa oras na kaniya itong lutuin at kainin. Kakalat kasi ang apdo kapag kumulo na ang nilulutong manok.

Sa dagling ito, ang kawalang huli sa pagpalaot ang naging pain upang nakawin ang mga alagang manok ng kapitbahay. Ito'y malaking tulong

sana upang maitawid ang kumakalam nilang sikmura sa maling kaparaanan. Ngunit sa huli, ito rin ang magiging pain ng kanilang pagkapahamak.

Sa dagling 'Ekstra' naman, inspirasyon pa rin ang mga paralawod na pumapasok sa prostitusyon na hindi lamang nangyayari sa lupa. Na nangyayari din ito kahit sa gitna pa ng dagat. Sa kawalan ng huli, napipilitan silang pumatol at magpabayad sa sinumang handang magbigay ng ekstrang serbisyo na may kinalaman sa laman. Ibang uri ito ng pamamalakaya—higit na malansa na magreresulta sa peligro sa kalusugan. Magiging daan ito sa mas marami pang hawaan ng sakit na may kinalaman sa madalas na hindi protektadong pakikipagtalik. Ngunit sa huli, ipapakita rin ang pagdadamayan ng mga kaibigan at kapuwa positive para sa muling pagbangon at agarang paggaling.

Ang ikatlong dagli na 'Habol', nakaangkla pa rin sa mga paralawod ang inspirasyon nito na walang access sa usaping medikal/pangkalusugan. Kalimitang hindi agad-agad na maisugod sa pagamutan ang sinumang miyembro ng pamilya ng mangingisdang maysakit. Pero dahil sa malasakit at ambagan ng mga kapitbahay, naisusugod pa rin sa pagamutan. Inspirasyon ng akda ang malasakit ng mga mahihirap sa kapuwa mahirap. Katulad ng mga paralawod na handang tumulong sa kapuwa paralawod na nakaranas ng trahedya sa dagat.

Kahit pa may sariling pamalakaya o sariling bangkang de-motor ang isang pamilya, hindi rin sasapat ang kita para tugunan ang pangangailangang medikal dahil sa pagtaas ng mga pangunahing bilihin at mga gamit sa pangingisda gaya ng gasolina, krudo at piyesa ng makina. At isa pa, mura din ang kuha ng mga middleman ng isda sa mga paralawod. At higit pa ang naging kalbaryo ng mga paralawod sa pagdaong ng pandemya sa isla.

Kaya kadalasang umaasa at kumakapit na lamang sa mga dahon-dahon at albularyo ang karamihan. Na kahit ang pamasahe patungong pagamutan ay pinoproblema. Na kadalasang tila naghihintay na lamang ng kamatayan para tuluyang matakasan ang iniindang karamdaman.

Sa pang-apat na dagling 'Dangop' naman, nakatimon pa rin ang naratibo sa mga mangingisda. Halos lahat naman ay umaasa na magkaroon ng sapat na kita mula sa mga biyayang ihahain ng dagat. Karamihan ng mga mangingisda ay walang sariling pamalakaya at isa sa mga pinapangarap nila ang magkaroon nito para mas malaki ang kita.

Pinapakita rin sa kuwentong ito ang pagkakaroon ng inggit sa sinumang grupong nakalalambat ng tone-toneladang isda mula sa laot. Pipilitin ng lahat na matunton ang dangop. Ngunit, sadyang may mga mangingisdang hindi papayag na malaman ng iba kung saan naroroon ang nasabing dangop para mas masolo nila ang magandang puwesto sa dagat. Kaya nilang gumawa ng pain upang linlangin ang iba upang hindi matunton ang kinatatakawang puwesto sa laot.